

2023

Lungsod ng Seattle Mga Benepisyo sa isang Sulyap

(Mga empleyadong *Bumbero** Saklaw ng mga Benepisyo)

Pagiging karapat-dapat: Para sa mga bagong hire at dependent, magsisimula ang saklaw sa inyong unang araw ng trabaho kung ang petsang iyon ay ang unang araw ng kalendaryo ng buwan na itinalaga bilang araw ng negosyo ng Lungsod. O magsisimula ang saklaw sa unang araw ng kalendaryo ng buwan na itinalaga o kinikilala bilang unang araw ng trabaho para sa shift na itinalaga sa iyo. Kung magsisimula ang iyong trabaho pagkatapos ng petsang ito, ang iyong coverage ay magsisimula sa unang araw ng susunod na buwan.

Mga Karapat-dapat na Dependent: Kabilang sa mga indibidwal na karapat-dapat para sa saklaw ang iyong asawa o kinakasama, ang iyong mga anak o mga inampon na anak o mga anak na ipinaampon, ang mga anak ng iyong kinakasama, mga stepchildren, at sinumang bata na ikaw ang legal na tagapag-alaga o kung kanino nangangailangan ng saklaw ang isang Kwalipikadong Medical Child Support Order. Karapat-dapat para sa saklaw ang mga batang nasa hustong gulang kung sila ay wala pang 26 taong gulang. Kung magdaragdag ka ng mga dependent, hihilingin sa iyo na magbigay ng mga dokumento na magpapatunay sa kanilang pagiging karapat-dapat para sa saklaw sa pamamagitan ng mga plano ng Lungsod ng Seattle.

Pagpapatala: Kailangan mong magpatala sa loob ng 30 araw ng pagkaka-hire.

Pangangatawan, Ngipin, at Paningin: Available ang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Seattle Fire Fighters Healthcare Trust.

Flexible Spending Accounts (FSA): Nag-aalok ang Lungsod ng isang Health Care at Day Care FSA sa pamamagitan ng Navia Benefits Solution. Nagbibigay daan ang Health Care FSA sa iyo na gumamit ng mga pre-tax dollars upang makatanggap ng reimbursement para sa mga karapat-dapat na gastusin sa medikal, ngipin, at paningin. Nagbibigay daan ang Day Care FSA sa iyo na makatanggap ng reimbursement para sa mga kwalipikadong gastos sa pangangalaga para sa iyong dependent na anak hanggang sa edad na 13, may kapansanan na asawa/kinakasama, o dependent na magulang.

Maaari kang pumili ng minimum na \$120 hanggang \$2,850 bawat taon para sa Healthcare FSA at \$5,000 para sa Daycare plan. Kung pipiliin mong lumahok sa planong ito at gusto mong ipagpatuloy ang iyong paglahok, kakailanganin mong muling magpatala bawat taon sa panahon ng bukas na pagpapatala ng Lungsod.

Maaari mong madala ang hanggang \$610 na hindi nagamit na mga pondo ng Health FSA mula sa taon ng plano 2023 hanggang sa taon ng plano 2024 hangga't ang pagdala ay magresulta sa isang minimum na laki ng account na \$120.

Insurance sa Pangmatagalang Kapansanan: Ang Seattle Fire Fighters Union Local 27 ay nagbibigay ng Insurance sa Pangmatagalang Kapansanan. Kinakailangan ang pagpapatala. Tumawag sa (206) 285-1271 para sa mga detalye.

Basic Group Term Life Basic Insurance: Maaari kang pumili nang isa mula sa dalawang plano – Basic Group Term Life Insurance na isa-at-kalahating beses ng iyong taunang kita o Limited Basic Group Term Life Insurance

ng \$50,000. Mag-aambag ang Lungsod ng 40% sa halaga ng Group Term Life Insurance.

Supplemental Group Term Life Insurance: Kung pinili mo ang Basic Group Term Life, maaari kang bumili ng supplemental term life insurance para sa iyong sarili, sa iyong asawa/kinakasama, at iyong mga anak. Ang maximum na life insurance na available para sa iyo ay apat na beses ng halaga ng iyong taunang kita. Ang iyong asawa/kinakasama ay 100% ng halaga ng saklaw na pinili mo para sa iyong sarili hanggang sa maximum na \$500,00. Maaari kang bumili ng \$2,000, \$5,000, o \$10,000 na saklaw para sa iyong mga anak.

Aksidenteng Pagkamatay at Pagkabalda Insurance (AD&D): Maaari kang bumili ng AD&D insurance para sa iyong sarili o sa iyo at ng pamilya mo. Available ang saklaw mula \$25,000 hanggang \$500,000.

*Kabilang ang mga miyembro ng Seattle Fire Fighters Union Local 27

Mga Benepisyo sa Pagreretiro

Washington State Department of Retirement Systems: Kinakailangan ang pagiging miyembro sa Washington State Department of Retirement Systems. Para sa impormasyon tungkol sa iyong plano, mangyaring makipag-ugnayan sa Washington State Department of Retirement Systems. May opsyon kang mag-ipon ng higit pa para sa iyong pagreretiro sa pamamagitan ng Voluntary Deferred Compensation Plan ng Lungsod (tingnan sa ibaba).

Voluntary Deferred Compensation Plan: Hindi sapilitan ang pagpapatala sa 457 Deferred Compensation Plan ng Lungsod. Pinapahintulutan kang magbigay ng kontribusyon sa pamamagitan ng mga pagbabawas sa suweldo. Ikaw ang magpapasya sa halaga ng pera, uri ng kontribusyon, at mga opsyon sa

investment. Maaari kang magbigay ng kontribusyon na kasing liit ng halaga na \$10 bawat sahod. Maaaring baguhin ang ang pagpapatala at kontribusyon sa anumang oras. Hindi tutumbasan ng Lungsod ang iyong mga kontribusyon.

May opsyon din ang mga empleyado na mag-apply para sa Washington Paid Family and Medical Leave Program bilang karagdagan sa mga leave sa itaas sa pamamagitan ng Lungsod.

Mga Programa at Benepisyo sa Trabaho/Buhay

Employee Assistance Program (EAP): Mga Mapagkukunan ng Kabuhayan Nagbibigay ang EAP ng serbisyo ng referral at pagpapayo para sa iyo at sa mga miyembro ng iyong sambahayan. Tumanggap ng kumpidensyal na tulong para sa mga personal na isyu tulad ng stress, depresyon, at mga problema sa pamilya at relasyon. Ang bawat miyembro ng sambahayan ay karapat-dapat para sa anim na libreng isang oras na sesyon bawat problema bawat taon.

Transportason: Ang mga Bumbero ng Seattle ay karapat-dapat na sumakay sa transit nang libre sa ilang partikular na ahensya kapag ipinapakita ang kanilang badge. Nararapat gamitin ng mga Bumbero ang iba pang mga elemento ng programa sa opsyon sa pagsakay ng empleyado sa MyTrips kabilang ang tulong sa pagpapalano ng biyahe, carpool at vanpool matching, at marami pa.

Career Quest: Nagbibigay ang Career Quest ng mga customized na pagkakataon na paunlarin ang karera upang palawakin ang iyong mga kasanayan o tumulong sa iyong mga pangmatagalang layunin sa karera. Upang maging karapat-dapat, dapat kang maging isang regular na empleyado ng Lungsod, nagtrabaho nang hindi bababa sa isang taon, at nakatuon sa pagbuo ng mga bagong kasanayan at kakayahan.

Mga holiday: Ang Lungsod ay mayroong 12 opisyal na holiday 2 personal na holiday. Maaari mong kunin ang iyong mga personal na holiday anumang oras nang may pag-apruba galing sa superbisor.

Bakasyon: Makakaipon ka ng bakasyon batay sa mga oras sa regular na status ng suweldo. Ang bilang ng bakasyon ay depende sa haba ng iyong serbisyo—mula 12 araw bawat taon para sa isang bagong empleyado hanggang 30 araw bawat taon pagkatapos ng 29 na taon ng trabaho. Ang mga hindi nagamit na oras ng bakasyon ay madadala sa bawat taon, hanggang sa maximum, depende sa mga taon ng serbisyo.

Sick Leave: Makakaipon ka ng sick leave batay sa bilang ng mga regular na oras sa trabaho. Ang mga full-time na empleyado ay nakakakuha ng 96 na oras ng sick leave bawat taon. Maaari mong madala ang iyong hindi nagamit na sick leave, walang maximum accumulation.

Iba pang mga Leave: Nagbibigay din ang Lungsod ng mga sumusunod na bayad at hindi bayad na mga leave: may bayad na parental leave, funeral leave, family at medical leave, pregnancy disability, jury duty, military duty leave, transplant donor leave, walang bayad na personal na leave, at sabbatical leave.



Seattle
Human Resources

Na-update noong 12/16/2022